# Sino si John de Young?

-Maria F. Mangahas

*Ang* CULTURAL ANTHROPOLOGIST *NA UNANG TAGAPANGULO NG BAGONG TATAG NA* DEPARTMENT OF SOCIOLOGY AND SOCIAL WELFARE *SA UNIBERSIDAD NG PILIPINAS.*



**N**oong simula ng dekada '50 humiwalay ang sosyolohiya at antropolohiya mula sa pagsanib sa isang departamento sa Unibersidad ng Pilipinas (UP). Sa pangyayaring ito, isang detalye ang nakatawag ng aking pansin: ang propesor na nangasiwa ng proseso ng hiwalayan at naging unang tagapangulo ng Departament of Sociology and Social Welfare, ang Amerikano na si John E. de Young, ay isang *cultural anthropologist*.

Sino si John de Young? Ano ang direksyon ng kanyang pag-iisip at pakikilahok sa mga panlipunang alalahanin o isyu? Ano ang kanyang pamana?

Halos walang impormasyon tungkol sa buhay ni de Young sa internet; wala siyang biograpiya at walang obituaryo, subalit may bahagyang datos at bakas ng kanyang yapak na masusundan. Mayroon siyang mga pananaliksik at publikasyon sa iba-ibang lugar ng Asya at Oceania— isang libro tungkol sa pang-araw-araw na buhay ng karaniwang magsasaka sa Thailand, ilang artikulo tungkol sa komunikasyon sa kanayonan sa Pilipinas, mga pinamatnugutan na serye tungkol sa kabihasnan ng mga taga-Micronesia. Sinasabi na pinanganak siya noong 1917 (walang petsa), sa Wisconsin, USA. Sa mga litrato makikitang malalim ang kanyang mata at di kataasan ang tindig. Nag-aral siya ng Anthropology at Sociology sa Beloit College, isang pribadong liberal arts college sa Wisconsin. Natamo niya ang MA Anthropology mula sa University of Hawaii noong 1941. Maliban dito wala nang makitang personal na datos tungkol kay de Young, kung nagkaroon ba siya ng asawa at anak, ni kung kailan at saan siya namatay.

Sa masigasig na paghahalungkat, napagtanto ko na umikot ang karera ni de Young sa mga diskarte o istratehikong galaw ng gobyerno ng Estados Unidos ng Amerika (USA). Ang pinaka-maagang naitalang posisyon niya sa trabaho ay bilang "Regional Planner" sa "Far East Desk Office of Strategic Services" nung mga taong 1942-1943 (ang edad niya nito ay 25-26). Ayon sa Wikipedia, "*The Office of Strategic Services (OSS) was the intelligence agency of the United States during World War II*". Nagsara ang OSS pagkatapos ng gera at ang mga ahensya na pumalit ay ang Central Intelligence Agency at ang Bureau of Intelligence and Research ng Department of Interior.

Ang mga trabaho na pinasukan ni de Young ay pawang ugnay sa ikalawang digmaang pandaigdig at sa pangangasiwa ng gobyernong US sa ilang partikular na lugar at populasyon kung saan tunuring na nangangailangan ng kabatiran ng isang anthropologist. Nadestino si de Young sa loob at labas ng kanyang bansa: sa mga lugar ng 'relokasyon' ng mga Japanese American, sa mga maliliit na isla sa dagat Pasipiko na ipinagkatiwala sa US pagkatapos ng gera, sa Pilipinas kung saan nangangailangan daw ng suporta ang disiplina ng sosyolohiya. Sa lahat ng lugar kung saan siya nagtrabaho, maliwanag na masipag at masigasig si de Young, magaling tumugon at humarap sa maraming uri ng responsibilidad at hamon. Isa pa, buong buhay niya nagsilbi siyang isang magaling at matalik na alalay ni "Uncle Sam".

Mas maiging simulan muna ang kwento sa unang pagkakilala natin sa kanya sa UP.

# Pagsulong ng sosyolohiya sa UP

Dumating si de Young sa Pilipinas sa taong 1948, edad 31, upang punuin ang tungkulin ng isang Associate Professor sa Department of Anthropology and Sociology sa UP. Nagturo siya ng mga kurso tulad ng Principles of Sociology, Social Psychology, Urban Sociology, Social Problems, at Methods of Social Research. Pansin na pawang qualitative ang mga pamamaraan na inensayo niya sa kanyang mga estudyante. Para kay Prop. Belen Medina, saka na lamang nagkaroon ng kurso sa metodolohiya tulad ng social survey sa pag-alis ni de Young at pagdating ng isang 'tunay na sociologist' mula sa Amerika, na si Chester Hunt (siyang tinataguriang 'ama ng sosyolohiya' sa Pilipinas).

Isa pang naging estudyante ni de Young ay si Mario D. Zamora (na kumukuha ng BA Sociology sa UP sa panahon na iyon, wala pang muwang sa antropolohiya, di akalain na balang araw magiging tagapangulo ng Departamento ng Antropolohiya), sa isang kurso na may pamagat na Race Relations.[1] Tila may reputasyon ang kanyang propesor sa partikular na paksa na ito, dahilan kung bakit may nagsidatingan na mga foreign exchange scholar noong dekada '50 sa UP, ayon sa salaysay ni Belen Medina:

> *"... Their choice of thesis topics and research methodology was probably influenced by the fact that Prof. de Young who was the Chairman of the Department and the lone graduate adviser was a cultural anthropologist. Their topics were mostly ethnographic or qualitative studies of racial and ethnic minorities."*[2]



ANG UP *DEPARTMENT OF SOCIOLOGY AND SOCIAL WORK*, SI JOHN DE YOUNG AY SA GITNA, NAKATAYO.

Isa sa mga unang batang Fullbright mula sa Amerika ay si George Henry Weightman, na nagtapos ng kanyang MA Sociology sa UP at nagturo rin dito habang sinasagawa ang kanyang PhD sa Cornell. Mayroon siyang binigay na panayam na ginawang libro, *Forty Years in Philippine Studies, An Oral History* (Pacific Rim Books, 1990), kung saan (sa p.5), may matatagpuan na banggit tungkol sa pagkatao ni de Young at ng pakikipagsamahan ng mga sociologist sa UP. Napaka-init daw sa Diliman noong panahon na iyon sapagkat mababa pa ang mga bagong tanim na puno:

> *"...Now John De Young had established a pattern of not paying attention to local culture when it was inconvenient. He always carried a big, black umbrella as a parasol, which was quite common in the rest of Southeast Asia. I don't know if you are aware that in the Tagalog parts of the Philippines, a man carrying a black umbrella has an unusual significance. In the old days, it meant he was out to buy a pig, and he would walk through the barrio with the black umbrella.*

Kinopya daw iyon nina Weightman at ibang propesor ng sociology.

> *"I and Chester Hunt and Richard Collier adopted it as a sociology custom. So we would carry the umbrellas like John de Young."*



> SADYANG UPANG 'BUHAYIN' O I-*REVITALIZE* ANG SOSYOLOHIYA SA UP ANG PAKAY NG PAGDATING NI DE YOUNG SA PILIPINAS.

Nagsulat din si Weightman ng isang artikulo na may pamagat na "Sociology in the Philippines", na makikita sa *International Review of Modern Sociology* (1987), kung saan labis ang pagtatapat niya tungkol sa mga pananaw at personalidad na sangkot sa kasaysayan ng disiplina. Tungkol sa relasyon ng sosyolohiya at antropolohiya sa Pilipinas, sinasalaysay ni Weightman (sa p.38) na nauna at mas sikat ang sosyolohiya, subalit higit na maimpluwensiya ay ang antropolohiya,

> *"The history of Philippine sociology is even older than that of Philippine cultural anthropology. Nevertheless, the personnel and theoretical orientation of the latter have usually dominated those of the former."*

Sa UP lalo na, pumailalim ang sosyolohiya sa *archaeology*, *ethnology* at *cultural anthropology*. Ani Weightman (sa p.41),

> "*This pattern of theoretical and financial subordination to anthropology would be recurrent in the history of Philippine sociology.*"

Ayon pa sa kanya, ang sinisisi bilang responsable sa ganitong kalagayan noon ay si Propesor H. Otley Beyer – siya namang tinataguriang 'ama ng antropolohiya sa Pilipinas'. Mula sa punto-de-bista ng mga taga-sosyolohiya, hindi madaling ipasulong ang kanilang disiplina sa Unibersidad dahil sa personalidad ni Beyer at 'kinakamkam niya ang kapangyarihan' sa Departamento.

Sa obhetibong pagsusuri ng mga katalogo ng UP, napansin din ni Carlos Tatel, Jr. na ang pagsasamahan ng dalawang disiplina sa isang departamento ay isang administratibong "*marriage of convenience*" na tumagal na ng tatlumpung taon. Napapanahon na talaga ang diborsyo ng dalawa para sa pag-usbong ng sosyolohiya bilang disiplina.[3]

Ani Weightman, sadyang upang 'buhayin' o i-revitalize ang sosyolohiya sa UP ang pakay ng pagdating ni de Young sa Pilipinas. Sa salaysay niya (pp.41-42), nangyari ito sa tulong at suporta ng mga 'ahensya' ng US:

> *"American private and governmental agencies in the post war period attempted to revitalize sociology at the University of the Philippines by engaging yet another American cultural anthropologist, John De Young. As usual, they equated the "problems" as personal: the unwillingness or inability of H. Otley Beyer to develop sociology and to share power. They seemed not to grasp the obvious problem of American cultural anthropologists developing Philippine sociology. De Young seemed to grasp the problem. After achieving a separation of s ociology from anthropology and its merger with social welfare, De Young departed the country in 1952."*

Saan ba nanggaling si John de Young at ano ang kanyang karanasan sa larangan ng social welfare? Nagkaroon ako ng perspektibo tungkol dito sa pagtuklas ng isang uri ng "*applied anthropology"* na isinagawa ng gobyernong US noong panahon ng digmaan.

## 'Community analyst' sa "relocation center" ng mga Hapon sa Amerika

Nagulantang ang US sa pagbomba ng Pearl Harbor sa Hawaii ng mga Hapon noong ika-7 ng Disyembre 1941. Pumaibabaw ang matinding pagsuspetsa sa katapatan (loyalty) ng mga Hapon na naninirahan sa Amerika. Ang resulta, halos 120,000 ng sinoman na may dugong Hapon— migrante o US citizen; lalaki, babae,

bata at matanda— ang pinalipat ng US Army sa sampung "Relocation Center" sa iba ibang dako ng Amerika, alinsunod sa Executive Order 9066 ng February 19, 1942 ni Presidente Franklin D. Roosevelt. Ang pagpapatupad ng kautusan ay sadyang naging rasista (racist), sapagkat bagaman hindi naman tukoy na pinangalanan dito ang mga Hapon, sa kanilang buong populasyon lang ito isinagawa (at hindi sa mga migranteng Aleman o Italyano). Sa loob ng dalawang linggo, lahat ng mga Japanese American na nakatira sa zona ng West Coast, kahit man may lupa silang pag-aari doon, ay biglang pinag-alsabalutan. Dinala sila sa mga concentration camp na itinirik sa gitna ng mga desyerto, sa kalawakan ng alikabok at lamig, pinalibutan ng barbed wire at may bantay na militar. Nilaanan ng maliit na tirahan ang bawat pamilya na may kuryente pero walang tubig. Sa bawat kampo ang mga banyo, labadahan, kusina at kainan ay para sa lahat; may mga lugar din na paaralan, clinic, taniman, pang-libangan, atbp. Nagtagal ng tatlo hanggang apat na taon ang mga pamilyang Hapon sa relocation center bilang mga presong 'komunidad'.[4]

Sakop ng trabaho ng mga *Community Analyst* ang pagsasagawa ng mga panayam sa mga *key informant* at nakikiugaling pagmamasid (*participant observation*). Sa pagbabasa ng kanilang mga *Community Analysis Report* sinikap ng WRA na maintindihan ang pananaw at reaksyon ng mga '*evacuee*' sa kanilang pagkakulong. Ayon kay Peter Suzuki na gumawa ng pagsusuri ng mga dokumento ng WRA, "*So far as the Community Analysis Section was concerned, it was an anthropological enterprise from beginning to end*," bagaman may mga *sociologist* rin na kalahok.[5]

Sa kanilang sariling pananaw, tumutulong ang *community analyst* sa pag-intindi ng kahit anong pagkabalisa sa komunidad, at sa pagresolba ng mga '*administrative crises*' na maaaring dulot ng *human relations* (sapagkat mga Hapon din ang nagpatakbo ng mga kampo at kulang ng mga puting Amerikano). Pananatilihin ng mga *community analyst* ang confidentiality ng mga datos na makukuha mula sa mga key informant. "*Analysts would be interested in why, not who*", hindi daw sila mga espiya para sa mga awtoridad. Bagaman mayroon ding mga lumampas sa linya, maganda ang kanilang intensyon sa kapakanan ng mga Japanese-American at sa pagsisikap nilang kontrahin ang pag-iral ng rasismo, subalit nahirapan silang panatilihin ang sariling perpektiba sa pagitan ng mga tagapangasiwa at mga presong pinag-aaralan, at sa gitna ng pabago-bagong polisiya ilan lamang ang nanatiling 'totoo sa disiplina'.



Minidoka concentration camp, Idaho 1943 [Densho Encyclopedia]

Masigasig daw si de Young na community analyst, isa siya sa pinakamaraming nasulat na report, halimbawa tungkol sa pakahulugan ng tinayong ‘bakod’ na pumapalibot sa kampo para sa mga pigil nito. Maliban dito,

> *“...de Young was one of the few to report on language in the camps and on kinship. De Young was also the first community analyst to work outside the camps, leaving Minidoka in September 1943 to spend a month in Denver, writing a report titled "A Preliminary Survey of the Adjustment of Japanese Evacuees in Denver." He left Minidoka on February16, 1944, and later did community analysis work out of the WRA's New York office.*” [7]

Pagkatapos ng gera, sumali pa siya sa isinagawang pananaliksik ng Department of the Interior tungkol sa naging kalagayan ng mga Japanese American na malayang lumipat na sa ibat ibang lugar mula sa nagsarang mga kampo. May ambag daw si de Young sa libro na *People in Motion* (1947) mula sa kanyang fieldwork sa Chicago.

Sa mga natitirang taon sa dekada ’40, lumipat tanaw si de Young sa labas ng US, sa Timog-Silangang Asya.

## Mga pag-aaral sa Timog-Silangang Asya

Taong 1946-1948, isang Lecturer sa Chulalongkorn University si de Young, at mayroon ring *Social Science Research Council Fellowship*. Ang sinulat niyang libro na pinamagatang *Village Life in Modern Thailand*, ay nalathala noong 1955. Ayon sa kanyang paunang salita, ang panahon ng pananaliksik ay tumagal nang halos tatlong taon. Hindi niya sinabi kung natuto ba siya magsalita ng Thai. Kung pagbabatayan lang ang mga litrato na nakalakip sa libro, mararamdaman na may personal na distansya ang mananaliksik sa mga tao. Nagsagawa daw siya ng madalas na “*survey trip*” sa iba ibang nayon sa Thailand, samantalang isang *“integrated social study of a northern village community*” ay tumagal ng isang taon: 1948-49. Ang hindi malinaw ay kung paano kaya niya ito napagsabay sa pagtuturo sa UP noong panahon ding iyon? Mapapansin mamaya ang iba pang okasyon kung kailan tila nagkapatong-patong o sumabay-sabay ang mga tungkulin ni de Young.

Sa pagtulak ni de Young sa direksyon ng Timog-Silangang Asya tinulungan at pinayuhan siya ng dalawang nakatatandang anthropologist. Isa si John F. Embree—propesor ng sociology, research associate sa anthropology, at Director siya ng *Southeast Asia Area Studies Program* sa Yale University. Nagturo rin siya dati sa Hawaii, at may-akda ng isang ginagalang na etnograpiya tungkol sa mga Hapon; nagkaroon siya ng mahalagang papel sa WRA. Ang isa pa ay si Lauriston Sharp, na siyang nagpasimuno ng *Southeast Asian Studies Program* sa Cornell University; may research project siya tungkol sa *culture change* at *social history* sa Thailand, at isa siya sa nagtatag ng *Society for Applied Anthropology.* Pinasalamatan ni de Young ang dalawa sa paunang salita ng kanyang libro.



Harvesting rice



Winnowing rice in the field

MGA LITRATO MULA SA LIBRO, *VILLAGE LIFE IN MODERN THAILAND (1955)*



PAANO KAYA NAPAGSABAY NI DE YOUNG ANG PANANALIKSIK SA THAILAND AT PAGTUTURO SA UP? MAPAPANSIN ULI SA IBA PANG PANAHON ANG PAGPATONGPATONG AT PAGSASABAY NIYA NG MGA TUNGKULIN SA MGA MAGKAKALAYONG LUGAR.

Sa pampasinayang isyu ng *Philippine Sociological Review* noong 1953 may kasamang ulat na bumalik na uli sa Pilipinas si de Young mula sa pananatili ng isang taon sa *Institute of East Asiatic Studies* ng *University of California, Berkeley*. Ang bagong posisyon ni de Young ay bilang direktor ng *Social Science Research Center* sa UP. Dito, pinangunahan niya ang pananaliksik tungkol sa mga problema sa kommunikasyon sa kanayonan (*A study of communication: problems on the barrio level, UP Social Science Research Center,* 1955). Kasali si de Young sa listahan ng mga may- akda ng texbuk na *Sociology in the Philippine Setting* (1954), at nakapagsulat siya kasama si Chester Hunt ng isang artikulo sa *Journal of Asian Studies* tungkol sa "*Communication Channels and Functional Literacy in the Philippine Barrio*" (1962).

Subalit hindi nagtagal si de Young sa Pilipinas; taong 1955 pumalaot na siya sa dagat Pasipiko.

## Paglilingkod kay Uncle Sam sa Micronesia

Sa sumunod na yugto ng buhay ni de Young pagkalisan niya ng Pilipinas, matatagpuan siya sa Trust Territories in the Pacific Islands (TTPI) bilang "Staff Anthropologist". Ayon sa isang balita sa *Micronesia Reporter* noong 1961 ("315 years for Uncle Sam") tungkol sa paggawad ng pagkilala sa ilang tao na may mahabang paglilingkod sa TTPI, isa sa mga ginawaran ng "10-year service award" ay isang John DeYoung. (Sa panahon na ito mapapansin din na sa kadalasan sa paglathala ng pangalan niya, nawawala ang puwang sa pagitan ng "de" at "Young"). Ibig sabihin, nakapagsimula na pala si de Young ng tungkulin at trabaho sa Micronesia mula pa 1951! Sakop ng serbisyo niya sa TTPI ang kanyang pagiging *research associate* sa California, at propesor sa Unibersidad ng Pilipinas!

Ang interes ni de Young sa rehiyon ng dagat Pasipiko ay matagal na siguro. Dati pa siyang miyembro ng *Anthropological Society of Hawaii*, kung saan napuna pa nga ng mga kapwa miyembro ang kanyang 'nakakahilo na pagpaparito't paroon' sa buong mundo. Sabi sa isang ulat noong 1946:

> "*John de Young shifts dizzyingly from a relocation camp in Idaho to Ceylon and now back to America*" ('*collected personal news of members old and new*', sa p.174 ng *Journal of the Polynesian Society*, 1946).

Dahil din sa pagsabog ng Pearl Harbor, natuon ang atensyon ng antropolohiya sa US sa Dagat Pasipiko. Bilang resulta ng pakikipag-ugnayan ang ilang academikong institusyon sa US Navy, nagkaroon ng trabaho sa mga maliliit na isla sa Pasipiko para sa mga anthropologist. Inaasahan ang "Staff Anthropologist" at mga "District Anthropologist" na magsilbi bilang espesyalista na mamamagitan sa mga Amerikanong nangangasiwa at sa mga taga-isla. Sa panahong 1951-1961, linipat sa US Interior Department ang pangangasiwa ng TTPI (mula sa US Navy).

Katulad ng kanyang record ng serbisyo sa WRA, nagtagal si DeYoung sa trabaho niya bilang Staff Anthropologist sa Micronesia:

> *"John DeYoung... remained longer than any of the others, during which time the role of the post changed from that of anthropologist to program officer and close adviser to the High Commissioner."*[8]

Binabanggit din ang kanyang paglabas ng mga lathala:

> *"DeYoung also rescued a number of valuable anthropological reports on land tenure, and they appeared under his editorship in 1958.* [9]

May sinimulan siyang serye ng mga "*Anthropological Working Papers*" na sinulat hindi lang ng mga anthropologist kundi maging ng mga taga-isla na "Assistant Anthropologist" at maging ibang katrabaho na natututo ng antropolohiya habang sa piling nila. Kasama sa mga nilathala ang mga sumusunod:

- *Notes on the Present Regulation and Practices of Harvesting Sea Turtle and Sea Turtle Eggs in the TTPI (Anthropological Working Papers Series No.1).* By John DeYoung. Guam: Office of the Staff Anthropologist, TTPI. 1958
- *Land Tenure Patterns: TTPI.* Vol.1. Edited by John deYoung. Guam: Office of the Staff Anthropologist, TTPI. 1958
- *The Use of Names by Micronesians. (Anthropological Working Papers Series No. 3.)* Guam: Staff Anthropologist Office, Trust Territory of the Pacific Islands. 1958
- *Taro Cultivation, Practices and Beliefs, pt.1 (The Western Carolines).* Edited by John deYoung. Anthropological Working Papers no.6, Guam: Office of the Staff Anthropologist TTPI. 1960
- *Breadfruit cultivation Practices and Beliefs in the Trust Territory of the Pacific Islands.* Edited by John DeYoung. Saipan:TTPI. 1964
- *Yam cultivation in the Trust Territory,* edited by John DeYoung. Anthropological Working Papers no.4. Guam: Office of the Staff Anthropologist, TTPI. 1964

Tumanggap ng puri ang serye sa isang rebyu na lumabas sa *American Anthropologist,*

> *"Though these Working Papers are intended primarily for administrators, it is nonetheless gratifying that original materials such as these, which would ordinarily languish in file drawers, are, due to the energies of John de Young, achieving circulation among anthropologists*."[10]

Pagkaraan ng sampung taon, lumaki ang mga responsibilidad ni de Young, bilang tagapag-ugnay ng mga programa sa mga larangan na pampulitika, ekonomiya, panlipunan, at kultural, habang patuloy pa rin siyang nagtratrabaho bilang Staff Anthropologist.

> *During the latter part of his tenure as staff anthropologist, deYoung moved increasingly into administration, and he was not replaced when he left his position in 1961."* [9]

Sa 1961-1965 may hinahawakang posisyon din si deYoung na "*Assistant Commissioner for Public Affairs*" sa mga Trust Territory. Samantalang, isa rin siya sa dalawang *Editorial Consultant* ng *Micronesia Reporter*. Pinuri siya ng *High Commissioner,* napakalaki daw ang ambag ng kanyang higit sampung taon ng paglilingkod sa Micronesia:

Tila napakarami na ng kanyang mga tungkulin, hanggang sa iniulat sa *Micronesian Reporter* na simula Enero 1967, lilipat na si de Young sa Office of Territories ng Interior Department bilang "Deputy Assistant Director".

> *He has been serving as member of the Budget and Fund Utilization Committee, C-Schedule Promotion Board, Broadcast Board, Publications Review Board, and Headquarters Scholarship Committee. He also serves as a member of the Social Development Section of the South Pacific Commission's Research Council. Since 1956 he had served annually on the U.S. Delegation to the United Nations Trusteeship Council in the capacity of advisor to the Special Representative." (- Micronesian Reporter, "John deYoung moves to Interior Department", 1966).*

Dito sa Washington, D.C., patuloy pa rin ang trabaho niya bilang taga-asikaso ng mga bagay na may kinalaman sa Micronesia. Sa taong 1971 nagbigay siya ng talumpati sa isang kumperensiya bilang "Social Development Program Director" ng South Pacific Commission, tungkol sa paglunsad ng mga programang pang-edukasyon at sa pagtuturo ng wikang Ingles.[11] Sa 1975, ayon sa isang sulat, ang posisyon na niya ay "Senior Staff Assistant, Pacific Affairs" sa Office of Territorial Affairs ng Department of the Interior sa Washington, D.C.[12]

Sa susunod na mga taon lumilitaw sa balita ang pangalan ni de Young bilang namahala sa isyu ng radiation sickness at relokasyon ng mga taga-Bikini Atoll—ang kawawang populasyon na bumalik noong 1970 sa kanilang pinagsasabugang isla (23 na beses sa loob ng mga taong 1946-1958 dahilan sa pag-testing ng iba-ibang klase ng mga atomic bomb). Si de Young ang humaharap sa media tulad ng *New York Times* at nagbibigay ng abiso tungkol sa lilipatan ng mga taga-Bikini dahil hindi na daw sila maaaring manirahan sa kanilang sariling isla magpakailanman.[13]

SA DEKADA '70, LUMILITAW ANG PANGALAN NI DE YOUNG BILANG NAMAHALA SA ISYU NG *RADIATION* AT *RELOCATION* NG MGA TAGA-BIKINI ATOLL. SIYA ANG HUMAHARAP SA MEDIA AT NAGBIBIGAY NG ABISO TUNGKOL SA LILIPATAN NG MGA TAGA-BIKINI, SAPAGKAT HINDI NA SILA MAARING MABUHAY SA KANILANG ISLA MAGPAKAILANMAN.



JOHN DE YOUNG, B.1917 – D. ?
[UNIVERSITY OF HAWAI'I AT MANOA DIGITAL COLLECTION]

# Pangwakas

Sa dekada '80, may nangyari at biglang bumalik ang nakaraan para kay John de Young. Inimbestigahan ang WRA sa pangunguna ng Kongreso na bumuo ng *Commission on Wartime Relocation and Internment of Civilians.* May mga nagtestigo tungkol sa papel ng mga *anthropologist* sa WRA; naka-"cc" si de Young sa isang liham (petsa ika-13 ng Disyembre 1981), tungkol sa pangangailangan ng pagdepensa ng isang kapwa niya *community analyst.*[14] Ang naging resulta ng imbestigasyon ng kongreso ay ang *Civil Liberties Act of 1988*, na pinirmahan ni Presidente Ronald Reagan, kung saan nakasulat na nagsisisi at humihingi ng patawad ang gobyerno para sa nangyaring paglapastangan ng mga karapatang pantao ng mga *Japanese American* noong panahon na iyon. Ang pormal na *apology* ay may kasamang pagbayad ng reparasyon sa higit 82,200 na apektadong *Japanese American.*

Pagkatapos nito, wala na akong mahanap na banggit kay John de Young. Baka nakapagretiro siya at sa pagyaon nahimlay nang tahimik. Bakit kaya walang nakapansin kung namatay na siya?

Sa lakbaybuhay ni John de Young sa ibabaw ng daigdig, binuhos niya ang kanyang sipag at enerhiya sa iba-ibang tagpuan: sa Amerika, at Timog-Silangang Asya, at Micronesia. Sa lahat-lahat, ginamit (in-*apply*) niya ang kanyang karunungan at kakayahang antropolohikal. Naging bihirang espesyalista siya sa mga isyu ng *'involuntary relocation and resettlement'…*na sariling likha ng gobyerno ng US sa kanilang naging tugon sa pangamba noong digmaan, at para sa mas malaking hangaring estratehikal. Naging tagapamagitan siya sa napakalaki at makapangyarihang estadong US at sa mga populasyon na sadyang naapi nito.

Kinuwestiyon kaya ni de Young ang mga palisiya na ipinatutupad niya? Ang malinaw ay na hindi niya nilisan ang kanyang panunungkulan. Nagbigay serbisyo siya ng matagal, hanggang sa katapusan ng pangangailangan, at nandoon pa rin siya sa pagsusuri ng epekto ng palisiya. Nagsilbi siyang ahente ng pamahalaan na humarap sa mga problemang dulot ng palisiya. Masasabi na kahit papaano ay naging tapat siya sa kanyang disiplina. Ito pala si John de Young, ang *anthropologist* na nagpabuhay ng sosyolohiya sa Pilipinas.

## MGA TALA

[1] Mario D. Zamora. ( 1974). The Informant-Interpreter as Anthropologist: Trance and Transformation. *Indian Anthropologist*, Vol. 4, No. 1, pp.1-10

[2] Belen Tan-Gatue-Medina. (2014). The Philippine Sociological Society: The Early Decades. *Philippine Sociological Review*, Vol. 62, pp.179-212.

[3] Carlos P. Tatel, Jr. (2010). Anthropology at the University of the Philippines: Examining Institutional History and Academic Dependency in a Southeast Asian University. Sa Katinka Sinha-Kerkhoff at Syed Farid Alatas (mga patnugot), *Academic Dependency in the Social Sciences: Structural Reality and Intellectual Challenges.* New Delhi: Manohar.

[4]Tingnan ang ilang video dito: https://unwritten-record.blogs.archives.gov/2017/02/16/fractured-ideals-japanese-american-internment-through-a-government-lens/

[5] Peter Suzuki. (1981). Anthropologists in the Wartime Camps for Japanese Americans: A documentary study. *Dialectical Anthropology*, Vol. 6, No. 1, pp.23-60.

[6] Tingnan ang: John F. Embree. (1944). "Community Analysis—An Example of Anthropology in Government". *American Anthropologist*. 46(3).

[7] *encyclopedia densho*. https://encyclopedia.densho.org/John%20E.%20de%20Young

[8]Mason, Leonard. (1985). Applied Anthropology in the TTPI. Sa Karen Knudsen (pat.), *History of the US Trust Territory of the Pacific Islands. Conference proceedings of the 9th Annual Pacific Islands Studies Conference*. University of Hawai'i at Manoa. p.39 https://core.ac.uk/download/pdf/5103984.pdf

[9] Sa pahina 37 ng librong *American Anthropology in Micronesia* (Robert Kiste at Suzanne Falgout, mga patnugot, University of Hawaii Press, 1999).

[10] The Use of Names by Micronesians. (Anthropological Working Papers Series No. 3.) Guam: Staff Anthropologist Office, Trust Territory of the Pacific Islands, 1958. v, 124 pp. n.p. Reviewed by Saul H. Riesenberg. U.S . National Museum, Washington. Sa: *American Anthropologist*, Vol. 61 (1959). pp.1126-7

[11]https://spccfpstore1.blob.core.windows.net/digitallibrary-docs/files/c6/c6edbe01f43e8203db64e9671a3a15c6.pdf?sv=2015-12-11&sr=b&sig=LIrixO76HVmPCFpxBFk0NzfUQbqh%2FfTxAfIfryf7%2F%2BE%3D&se=2023-04-13T08%3A16%3A11Z&sp=r&rscc=public%2C%20max-age%3D864000%2C%20max-stale%3D86400&rsct=application%2Fpdf&rscd=inline%3B%20filename%3D%2202144.pdf%22.

[12]https://www.osti.gov/opennet/servlets/purl/16377311-jb6T7l/16377311.pdf

[13]https://www.nytimes.com/1978/05/28/archives/bikinis-radiation-is-a- fire-that-will-not-go-out-the-nuclear-nomads.html;
https://www.nytimes.com/1978/03/23/archives/radiation-tests-set-for-bikini-islands-aerial-survey-will-seek.html;
https://www.nytimes.com/1978/04/13/archives/around-the-nation-us-to-relocate-bikinians-because-of-radioactivity.html

[14]Si Rosalie Wax na may-akda ng libro *Doing Fieldwork: Warnings and Advice*, University of Chicago Press, 1971. Ang sulat ay nasa California Digital Library: https://oac.cdlib.org.ark:/13030/k6571ch1/FID1.

[15] *Wikipedia*. https://en.wikipedia.org/wiki/Commission_on_Wartime_Relocation_and_Internment_of_Civilians.

